

Batas ng Kalusugang Pangkaisipan ng 2007
(Mental Health Act 2007)

Ikatlong Talaan sa Pahayag ng mga Karapatan ng mga taong detenido sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan

Statement of Rights

Ang inyong mga karapatan

Dapat niyong basahin ang mga katanungan at kasagutan sa ibaba para malaman ang inyong mga karapatan at kung ano ang maaaring mangyari kapag ikaw ay dadalhin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan.

Anong mangyayari kapag pumasok ako sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?

Dapat na ikaw ay matingnan ng isang doktor ng pasilidad nang hindi lalampas sa 12 oras nang iyong pagdating sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan.

Kung ikaw ay nasa loob na ng pasilidad ng kalusugang pangkaisipan bilang isang boluntaryong pasyente, at sinabihan na ikaw ay mananatili sa pasilidad nang labag sa iyong kalooban, dapat na ikaw ay matingnan ng isang doktor ng pasilidad sa loob nang hindi lalampas sa 12 oras matapos mapagpasyahan na ikaw ay pananatilihin sa pasilidad.

Kailan ako maaaring panatilihin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang labag sa aking kalooban?

Maaari kang panatilihin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kahit labag sa iyong kalooban kung ikaw ay napatunayan ng doktor sa pasilidad bilang isang taong may-sakit sa kaisipan (mentally ill) o isang taong naguguluhan sa pag-iisip (mentally disordered). Ang doktor ang magpapasya kung ikaw ay isang taong may-sakit sa kaisipan o isang taong naguguluhan sa pag-iisip.

Ang isang taong may-sakit sa kaisipan ay may karamdaman sa kaisipan at kailangang panatilihin sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan para sa kanyang proteksyon o para maprotektahan ang ibang tao. Ang isang taong naguguluhan sa pag-iisip ay may mga pag-aasal na nagpapakita na kinakailangan niyang manatili sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang sandaling panahon para sa kanyang proteksyon o para protektahan ang ibang tao.

Hindi maaaring ikaw ay patuloy na pananatilihin sa pasilidad nang labag sa inyong kalooban, maliban lang kung may ibang doktor na nagpapatunay na isa kang taong may-sakit sa kaisipan o isang taong naguguluhan sa pag-iisip. Dapat na ang isa sa mga doktor na tumitingin sa iyo ay isang psychiatrist (sikayatrista).

Gaano katagal akong maaaring panatilihin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kahit labag sa aking kalooban?

Kung ikaw ay napag-alamang naguguluhan sa pag-iisip, maaari kang panatilihin ng hanggang 3 ARAW lamang sa isang pasilidad (hindi kabilang dito ang mga araw ng sabado't linggo at pista opisyal). Sa loob ng panahong ito, dapat na ikaw ay natitingnan ng isang doktor nang hindi kukulangin sa minsan bawat 24 oras. Ikaw ay hindi maaaring idetene bilang isang taong naguguluhan sa pag-iisip nang hihigit sa 3 beses sa loob ng sa isang buwan.

Kung ikaw ay napag-alamang may-sakit sa kaisipan, ikaw ay pananatilihin sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan hanggang sa ikaw ay maiharap sa isang Tribunal na Nagrerepaso sa Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Review Tribunal) na siyang mag-uusisa sa kalusugan ng iyong kaisipan upang makapagpasiya kung ano ang mangyayari sa iyo.

Paano ako makakalabas sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?

Ikaw, o isang kaibigan o kamag-anak sa anumang oras ay maaaring humiling sa tagapamahala sa paggagamot (medical superintendent) o isa pang awtorisadong opisyal na manggagamot na ikaw ay palabasin. Dapat kang palabasin kung ikaw ay walang sakit sa kaisipan o senyales ng kaguluhan sa pag-iisip, o kung sa isip ng tagapamahala sa paggagamot o isa pang awtorisadong opisyal na manggagamot ay may ibang nababagay at makatwiran na pag-aalaga para sa iyo.

Ikaw mismo o ang taong humiling na ikaw ay palabasin ay maaaring mag-apela sa Mental Health Review Tribunal laban sa hindi pag-aproba ng tagapamahala sa paggagamot o iba pang awtorisadong opisyal na doktor na ikaw ay palabasin.

Maaari ba akong gamutin nang labag sa aking kalooban?

Ang mga kawani ng pasilidad ay makapagbibigay sa iyo ng naaangkop na paggagamot, kahit na ayaw mo ito, para sa iyong karamdaman sa isipan o sa isang emerhensiya upang iligtas ang iyong buhay o mahadlangan ang malubhang pagkapinsala sa inyong kalusugan. Ang mga kawani sa pasilidad ay makapagsasabi kung anong paggagamot ang ibinibigay sa iyo kung ikaw ay magtatanong. Hindi ka dapat bigyan nang labis-labis o hindi naaangkop na gamot.

Maaari kang maoperahan kung ang taong nahirang na iyong taga-alaga at ang Kalihim (Secretary) ng Ministry of Health ay sumasang-ayon dito kahit na ikaw ay umaayaw kung ang iyong pagkakaopera ay para naman sa iyong kapakanan.

Maaari ba akong bigyan ng (terapiyang kino-kuryenteng pangkombulsyon) electro convulsive therapy (ECT) nang labag sa aking kalooban?

Oo, magbibigay lamang kung napagpasiyahan ng Mental Health Review Tribunal sa isang pagdinig na kakailanganin o nababagay ito para sa iyong kaligtasan at kapakanan. May karapatan kang dumalo sa pagdinig na ito.

Karagdagang impormasyon

Kailangan niyong basahin ang mga katanungan at kasagutan sa ibaba upang malaman ang tungkol sa mga pag-uusisa sa kalusugan sa pag-iisip at kung kailan na ikaw ay mananatili sa isang pasilidad ng kasusugan sa pag-iisip nang labag sa iyong kalooban matapos ang pag-uusisa.

Kailan ginaganap ang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?

Ang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan ay dapat isagawa sa lalong madaling panahon kung maaari, pagkatapos magpasyan na ikaw ay pananatilihin sa pasilidad nang labag sa iyong kalooban dahil ikaw ay may-sakit sa kaisipan.

Ano ang mangyayari sa isang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?

Magpapasiya ang Mental Health Review Tribunal kung tunay o hindi na ikaw ay may-sakit sa kaisipan.

Kung ang Mental Health Review Tribunal ay nagpasiyang wala kang sakit sa kaisipan, dapat kang palabasin sa pasilidad.

Kung nagpasiya ang Tribunal na ikaw ay may-sakit sa kaisipan, ang Tribunal ay magpapasya kung ano ang mangyayari sa iyo. Isasaalang-alang nila ang pagpili ng hindi mahigpit na kapaligiran kung saan ang pag-aalaga at paggagamot ay mahusay na maibibigay. Ang Tribunal ay maaaring mag-utos na ikaw ay panatilihin sa pasilidad bilang isang SAPIKITANG PASYENTE sa loob ng naitakdang panahon (hindi hihigit sa 3 buwan) o kaya ang Tribunal ay mag-utos na ikaw ay palabasin sa pasilidad. Kung ikaw ay pinalabas, ang Tribunal ay maaaring mag-utos ng paggagamot sa komunidad kung saan na ikaw ay magkakaroon ng ilang paggagamot matapos palabasin.

Maaaring antalahin ng Mental Health Review Tribunal ang pag-uusisa nang hanggang sa 14 na araw kung sa palagay nila ay makabubuti ito para sa iyo.

Kung ang Mental Health Review Tribunal ay nag-utos na ikaw ay mananatili sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan bilang isang sapilitang pasyente, dapat din na isaalang-alang ng Tribunal kung may ikaw ay may kakayahan o wala sa pamamalakad ng iyong mga gawain sa pananalapi. Kung hindi naniniwala ang Tribunal na ikaw ay may kakayahan dito, ang pag-uutos sa pag-aasikaso ng inyong pananalapi ay kailangang gawin ayon sa *Batas sa Pagkakatiwala at Tagapag-alaga ng 2009 NSW Trustee and Guardian Act 2009*.

Ano ang aking mga karapatan sa harap ng isang pag-uusisa sa kalusugang pangkaisipan?

Maaari niyong sabihin sa Tribunal kung ano ang iyong gusto o o kaya ay ipasabi ito sa iyong abogado. Maaaring kang magsuot ng pangkaraniwang damit, matulungan ng isang interpreter at masabihan ang nahirang na tagapag-alaga o iba pang tao na siyang iyong pangunahing tagapag-alaga, mga kamag-anak at kaibigan tungkol sa pag-uusisa. Ikaw ay makapag-aaplay na makita ang iyong mga medikal na ulat.

Ano ang aking mga karapatan sa pag-apela kung ako ay ginawang isang sapilitang pasyente?

Ikaw mismo (o ang tagapag-alaga o kaibigan o kamag-anak) ay maaaring humiling sa Tagapamahala sa Paggagamot o sa awtorisadong opisyal na manggagamot na ikaw ay palabasin sa anumang oras. Kung hindi pumayag ang tagapamahala sa paggagamot o awtorisadong opisyal na manggagamot na ikaw ay palabasin o hindi sumagot sa iyong kahilingan sa loob ng tatlong araw na may pasok, ikaw (o ang tagapag-alaga o kaibigan o kamag-anak) ay maaaring magsampa ng pag-apela sa Tribunal.

Ikaw ay bibigyan ng isang pabatid na magdedetalye ang iyong mga karapatan sa pag-aapela.

Ano ang mangyayari kung malapit nang matapos ang takdang panahong ini-utos sa akin (na pumasok) bilang isang sapilitang pasyente?

Magrerepaso sa iyong kalagayan ang mga kawani na nanggagamot sa pasilidad bago matapos ang panahon ng kautusan at maaaring ikaw ay palabasin ng pasilidad sa kalusugang pangkaisipan o maaaring mag-aplay sila sa Mental Health Review Tribunal para sa karagdagang pag-uutos. Dapat kang palabasin ng Tribunal sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kung nagpasya itong wala kang sakit sa kaisipan o sa pakiramdam nila ay may ibang mas nababagay at makatwirang pagkaka-alaga.

Sino ang mahihingan ko ng tulong?

Ikaw ay makakahingi ng tulong sa sinumang kawani ng pasilidad, panlipunang manggagawa (social worker), doktor, tagabisitang opisyal (official visitor), pari (chaplain), sariling abogado o sa LawAccess NSW para sa tulong. Ang telepono ng LawAccess NSW ay 1300 888 529.

Maaari ba akong makipagkita sa isang opisyal na tagabisita?

Maaari kang magtanong sa sinumang kawani ng pasilidad kung maaari kang makipagkita sa isang opisyal na tagabisita. Ang kawani ang siyang mag-aayos sa pagbisita ng opisyal.

Maaari ko bang hilingin na isang kaibigan o kamag-anak na kumatawan sa akin?

Maaari kang humirang ng hanggang dalawang tao bilang iyong tagapag-alaga, kasama na ang tao na iyong pangunahing tagapag-alaga habang ikaw ay nasa loob ng pasilidad. Ang hinirang na tagapag-alaga o iba pang tao na siya niyong pangunahing tagapag-alaga ay makakahingi ng impormasyon para sa iyo at aabisuhan kung ikaw ay pananatilihin sa isang pasilidad, sasailalim sa pag-uusisa ng kalusugang pangkaisipan, ililipat o palabasin at aabisuhan tungkol sa mga mungkahing natatanging paggagamot sa kalusugang pangkaisipan o mga operasyon. Ikaw at ang iyong hinirang na tagapag-alaga o iba pang tao na siya iyong pangunahing tagapag-alaga ay mayroon ding karapatan na mabigyan ng impormasyon tungkol sa mga kasunod na pagkaka-alaga kung ikaw ay mapalabas na.

Ako ba ay matutulungan na magkaroon ng maayos na pananamit sa pagharap sa Tribunal?

Oo, ang mga kawani ng pasilidad ay dapat sa makatwirang paraan, na siguraduhing bago ka humarap sa Tribunal, ikaw ay nabigyan ng nababagay na panlabas na damit at mga gamit na pampa-ayos ng sarili, kasama na dito ang mga pang-ahit at pangmake-up.